

1

Summer 2007...

“Yanna, nasa labas si Arjay. Hinahanap ka,” tawag ni Alice.

“Na naman?” Lumingon si Yanna mula sa tina-type sa laptop.

“Mukhang yayakagin ka na naman, eh. Nakajeep kasama ang barkada n’yo.” Sinilip ni Alice ang nakasalang sa stove. Nilagang baka iyon para sa mga bisitang politiko ng tiyahin ni Yanna.

Halos kilala na ni Alice kung di man sa pangalan ay sa mukha ang mga kaibigan niyang kaklase sa high school. Matagal na ang kasambahay sa mansion at kapamilya na ang turing ng tita niya rito.

Hanggang ngayon ay solid pa rin ang barkada, palibhasa ay magkababayan. Si Arjay ang pinakaclose sa kanya dahil related ito via marriage sa kanyang Auntie Margaret, ang gobernador ng kanilang lalawigan.

Yanna stretched. “Na-carnap na naman ni Arjay ang jeep ni Uncle Manuel?” Papa ng kaibigan ang

tinutukoy niya.

“Mukha nga,” sagot ni Alice. Ibinaba nito ang sandok matapos tikman ang sabaw ng niluluto. “Labasin mo na at baka mainip ’yun.”

“Alam naman n’un na may ginagawa ako rito,” aniya pero sinimulan nang kamkamin ang mga notes mula sa kitchen table, baka liparin ng hangin na galing sa malalaking bintanang nakapalibot sa country-style kitchen ng mansion pag basta na lang niya iniwan.

“Ha’mo na’t bakasyon naman,” ani Alice.

“Sandali lang ako. Paalisin ko lang ang asungot,” biro niya at tumayo na mula sa mesa, kipkip ang folders. Hindi niya basta-basta iniwan ang ginagawa simula nang magsilbi bilang PR Officer ng kanyang tita.

Lumabas siya ng kusina at sa footpath na lumilibot sa mansion ng mga Villaverde dumaan imbes na sa loob dahil maraming bisita ang kanyang tiyahing gobernador. Gusto nito ang maglagi sa sariling bahay kaysa sa governor’s office sa kapitolyo. Ginawa na nitong informal office ang residence at madalas kaysa hindi na doon sila naglalagi para magtrabaho. Limandaang metro halos ang layo ng

front door mula sa main gate at iyon ang tinudla ng mga paa ni Yanna, wearing her usual uniform kapag nasa trabaho: dark gray slacks na flared ang cut, white closed neck blouse na sleeveless. Wala siyang makeup at jewelry maliban sa faux pearl earrings at dress watch.

Nasa labas nga ng gate ang kulay rust orange na off-roader ng kanyang Uncle Manuel, at nakaupo sa harap ng manibela si Arjay.

“Finally. Lumabas ka rin. Sakay na!” salubong nito kay Yanna hindi pa man siya nakakalabas ng gate.

Tumawid siya sa kinapaparadahan nito. Puno ang jeep ng mga kaibigan nila. Pormang tatambay lang. Binati niya isa-isa ang mga ito.

“Gigimik tayo, puro ka na lang trabaho. Concerned na kami sa ’yo,” ani Criselle, ang isa pa nilang kaklase. Chinese mestiza at forever student ito.

“Papangit ka niyan,” pananakot ni Alfredo, a.k.a. Eds, ang pinakamaloko at pinakamakulit sa lahat.

“Kalalabas lang natin n’ung isang araw, ah,” ani Yanna, kay Arjay nakatingin. May suksok itong yosi sa gilid ng bibig, walang sindi.

“N’ung isang araw ’yun. Iba ngayon,” anito. “Ba’t ang hirap mo ayain ngayon? May boyfriend ka na hindi namin nalalaman?”

Yanna rolled her eyes at him. “Maraming bisita si Tita Gov,” aniya.

“Maano? Ikaw ba nagsisilbi ng kape sa mga amuyong sa loob? Ikaw ba kinakausap nila?” hirit ni Arjay.

“No, pero alam mong dapat nandito ako. In case she needs me. At saka ikaw, parang hindi ka busy. Ano ba’ng ginagawa mo’t lagi kang nasa labas ng kapitolyo?” Sa *City Engineer’s Office* naka-detail ang lalaki.

“Magaling akong mag-organize. Expert sa time management ’to.” Tinambol pa nito ang sariling dibdib gamit ang kamao. “Saka pag sinabi namin sa ’yo kung saan tayo pupunta ngayon, nakow! Pustahan tayo, baka mauna ka pa doon,” anito, looking smug.

Nakangisi rin ang iba niyang kaibigan, waring may alam na sikreto.

Naintriga si Yanna. “Bakit, saan ba?”

“Umuwi lang naman po ang iyong ‘one great love’,” sagot ni Arjay, nakangisi sa kanya.

“One great love?” clueless na ulit niya.

“Uuuuyyyy!” chorus ng mga nilalang sa loob ng jeep.

“Ang long time crush mo, Hija. Si Quentin Soriano, Jr. lang naman, nagbabakasyon mula sa US at may welcome party sa bahay nila ngayon. Kaya nga tayo full force, eh, siguradong kakabukas pa lang ng balikbayan box,” kuwento ni Eds.

Tumango-tango si Yanna. *Whoa.*

“O, sasama na ’yan,” tudyo ni Arjay sabay pindot sa pisngi niya.

Iniiwas ni Yanna ang mukha at pinalo ang kamay nito.

“Gagi, tigilan mo nga ako,” aniya rito. Pero talagang nasorpresa si Yanna sa balitang iyon. Quentin Soriano, Jr., better known as ‘Tinoy’, was indeed her high school crush. The biggest of all high school crushes, as a matter of fact, dahil hindi kagaya ng mga kaklase niya, hindi siya mahilig magka-crush.

Tinoy was two years ahead of them then. He was tall, mestizo, a star basketball player and honor student—kombinasyon na bihira sa katulad nitong galing din sa prominenteng pamilya mula sa kanilang

lalawigan. Big deal si Tinoy para kay Yanna. Walang hihigit dito kung siya ang tatanungin.

Kapit-bahay ni Arjay si Tinoy kung kaya nadamay na rin si Yanna sa pagiging magkaibigan ng mga ito. Magkakalaro sina Arjay, Tinoy at ang pinsan nitong si BJ noon. Kaso, natunugan ni Arjay ang ayon dito ay 'lihim niyang pagsinta' kay Tinoy. Paano, wala siyang karekla-reklamo na dumadayo pa sa bahay ng mga ito upang i-tutor ito sa Science at English pagkatapos ng klase. Buking na buking siya nito noon at madalas ang parinig kay Tinoy kapag nasa paligid siya.

“Kapag naghahanap ka na ng magiging asawa in the future, Tins, huwag ka nang titingin sa malayo. 'Eto si Yanna, o. Kagaling magluto ng pancit canton.” Ganoong klaseng mga hirit na tinatawanan lang ng binatilyong si Tinoy.

Kulang na lang ay tusukin niya ng tinidor ang kaibigan noon.

Feeling sawi siya nang mag-migrate sa San Diego, California si Tinoy kasama ang pamilya nito just a few months before she graduated from high school.

“Huu, pakipot ka pa. Sumama ka na, tara,” untag ni Arjay sabay tapik sa bicep ni Yanna. Nang malakas.

“Arjay, baka puwedeng bukas na?” she said,

torn. Gusto talaga niyang sumama sa mga lakad ng mga ito. Lalo na ngayon. Pero nangingibaw ang pagpapahalaga niya sa trabaho.

“Bukas?! Nakita mong nakasiksik na kaming lahat rito, pabalik mo pa kami bukas?” spluttered Eds.

Natawa pati si Yanna. “Okay, guys, give me an hour t’as susunod na ako.”

Dudang napatingin sa kanya ang lahat ng okupante ng jeep.

“Titiyempo lang ako. Promise, susunod ako,” pangungumbinsi ni Yanna sa mga ito. Useless nang idetalye sa mga ito na hindi ganoon kadali ang basta na lang iwan ang mga trabaho niya. Palibhasa ang mga ito, totoong summer vacation mode. Siya hindi.

“O siya, siya,” pasya ni Arjay. “Susunod raw, eh, di susunod. Di namin natin ’to pwedeng hilahin hanggang liwasan.” Binuhay na nito ang makina ng jeep.

Umatras si Yanna mula sa kalye. “Oo na. Ingat sa pagda-drive, Arjay. Alalahanin mong walong walang silbing mga nilalang ang kargo mo,” kantiyaw niya.

“Ayos ka, ah.” Dumungaw pa si Eds, kunwari ay

pilit siyang inaabot para kutusan.

Tinawanan lang niya iyon. Nang tuluyan nang nakalayo ang mga ito ay saka pa lang siya bumalik sa mansion.

“Yanna, Governor’s looking for you,” bungad sa kanya ng isang mayor nang makabalik siya sa loob ng bahay. Tito niya rin ito for some obscure reason na hindi na niya kayang i-compute o i-trace sa isip.

Kapag nasa probinsya ka ay kamag-anak mo halos lahat ng tao. Eksaktong isang oras ang nakalipas nang matapos ang kanyang tita sa mga ipinapagawa nito sa kanya. Huminto si Yanna sa pagta-type at sinulyapan ang relos.

“You can take the rest of the day off. Socials lang naman ang kasunod nito,” dugtong ng gobernador.

Pinigilan ni Yanna ang mapalundag sa tuwa. “Are you sure you won’t be needing me anymore, Auntie?” tanong niya rito.

Tumango ang fifty-five-year old na gobernadora sa pamangkin-cum-PR liason-cum social secretary nito. “Dumaan daw dito sina Arjay,” anito.

At dahil nga related ang papa ni Arjay sa gobernador via marriage, maituturing na rin itong

kamag-anak.

“Hindi naman ho importanteng lakad—”

“You can go, Juanita,” putol nito sa sasabihin niya. “Hindi na kita kakailanganin dito today. At kung meron man, napakadali namang tawagan ka sa cell phone mo. Go have fun. At pakisabi kay Arjay, kung puwede, ha, pumasok naman ’ka mo siya rito minsan. Parang ikaw lang ang gustong makita, ayaw akong kamustahin.”

Ngumiti si Yanna. “Marami daw ho kayong bisita, nahihiyang makaistorbo sa inyo,” pagtatakip niya sa lalaki.

“Hus,” Gov. Villaverde dismissed with a wave of a hand. “Basta dumalaw siya ’ka mo. Siya, lumakad ka na at nang makarami.”

“Auntie talaga.” Yanna laughed but she was already preparing to leave.

Iyon pa rin ang suot niya dahil wala rin naman siyang dalang pamalit. Inayos na lamang niya ang pagkakatali ng buhok at naglagay ng pulbos sa mukha at lip gloss sa labi. Nagpabango rin siya nang kaunti. She was walking towards the gate nang mag-vibrate ang phone niya. Si Arjay.

Akala ko ba, 1 hr? Sunduin na kta.

Nag-reply siya habang naglalakad. *Wag na. Ppunta nako.*

D2 nako lbas ng g8.

Isinilid ni Yanna ang phone sa bag. Paglabas ng gate ay naka-park nga sa gilid ng daan si Arjay. *Honda scooter na ang gamit nito.*

“Hoy, thank you,” bati niya sa lalaki.

“Thank you, ang tagal mo,” reklamo nito.

“May ginawa pa ’ko, eh. Nasaan na ang jeep mo?”

Arjay turned the key in the slot kaya sumampa na si Yanna sa motor without further invitation.

“Na kay Papa, may kukunin sa bukid,” sagot ng binata. Pinaandar na nito ang motor. The day was very pleasant. Windy, hindi gaanong maaraw. Narating nila ang pakay sa loob lang ng dalawampung minuto.

Tinoy gained weight. Iyon ang unang napuna ni Yanna. Hindi tumaba exactly, pero kumpara sa lanky frame nito noong sixteen pa lang ay mas nagka-definition na ang katawan ng binata, nagkalaman. Lalong pumuti, pero iyon pa rin ang Tinoy na

kinakiligan niya noong high school. The thick brows, eyes fringed with dark lashes, straight at matangos na ilong, ang pinkish lips na kahit mukhang malambot ay masculine pa rin. He still had those well-shaped calf muscles, maging ang mga pinong nunal sa sentido at maliit na biloy sa kanang pisngi. Presko ito sa puting *Hollister* T-shirt at faded jeans.

Na-conscious si Yanna. Di talaga niya ugali ang mag-primp kapag nasa trabaho. Minsan, sa dami ng ginagawa, ni hindi na niya binibigyang-pansin ang hitsura. Pero noong mga oras na iyon habang wini-welcome sila ng balikbayang kababata na apat na taon niyang pinagpantasyahan noong high school, nahiling ni Yanna na sana nag-effort siya maski papaano.

Tumayo kaagad ito nang pumasok sila ni Arjay at inalok siyang maupo sa binakante nitong upuan. Sa third floor terrace nakapuwesto ang mga barkada nila.

“Uuyy, ang gentle naman ng man,” tukso ni Cris.

Ngumiti lang ang binata. Yanna wished for a comb. A mirror. Amoy-araw na ba siya? Pinigilan niya ang urge na amuyin ang mga kili-kili.

“Pare, tabihan mo na si Yanna, na-miss ka nito,

You Are Summer - Abby Herrera

eh,” ani Arjay, who dropped to a seat to Yanna’s left.

Iling-iling lang si Tinoy. “Kayo talaga, wala kayong pinagbago,” tangi nitong nasabi.

2

Yanna tried not to feel embarrassed. Wala na siya sa high school. Dapat ay dignified na ang asta niya, kahit tinutukso. Pero paano ba magmukhang dignified ang taong kinikilig?

“Kumain ka na ba, Yan-Yan?” tanong ni Tinoy, waring naramdaman ang discomfort ni Yanna at nais na ibahin ang usapan. He called her by her childhood nickname, too. Natuwa siya na naalala pa nito iyon.

Tumango siya, attempting a small smile. “Oo, salamat.”

“Huwag ka nang pakipot, Yan, maraming pagkain,” sulsol ni Eds.

May dalawang bote ng *Tequila Monarca*, ang isa ay halos said na. May isang case din ng *San Miguel Super Dry* sa paanan ni Cris. May isang platter ng crispy pata, almond at cashew nuts at *Boy Bawang*. Meron ding pancit canton at sa di malamang rason, candies—iyong maliliit na *Musketeers*, *Milky Way*, at *Baby Ruth*.

“Pahingi na lang ako ng pancit canton,” sabi ni Yanna kay Arjay. “*Mikoy’s*, ’no?”

“Sabi ko na nga ba, eh.” Tumayo ang kaibigan upang punuin ang isang plato para sa kanya. Sikat ang *Mikoy’s Restaurant* sa kanila—ang lugar na may pinakamasarap na pancit canton, spaghetti, palabok, bulalo, anything Filipino. *Mikoy’s* pancit canton was Yanna’s favorite.

“Ikukuha lang kita ng baso. Ano’ng gusto mong inumin?” Si Tinoy.

“Tubig na lang, thank you,” ani Yanna. Nahihiya siyang magpaasikaso rito masyado.

“Okay. K’ain ka. I’ll be right back.” Bumaba ito sa hagdanang spiral sa kaliwa ng terasa.

“Naubos na namin ang kalahati ng beer kanina, kaya tequila naman ngayon,” pagbabalita ni Pocholo, isa pa nilang kabarkada.

“O ano, crush mo pa rin ba?” Arjay nudged Yanna’s ribs before taking a tequila shot. “Body shots tayo!” aya nito sa lahat.

May mga game, may ayaw. Pinitik ni Yanna si Arjay sa baba ng taingang pulang-pula na. “Tigilan mo nga ako.”

Nakakaloko ang tinging binigay ng lalaki sa kanya. “Uy, at bakit? Ayaw mo ba?”

“Hindi na tayo mga nasa high school. At malay mo ba kung may girlfriend na 'yung tao.”

“Fishing ka, ha. Hindi pa namin natatanong, sorry.”

Yanna rolled her eyes. “Tigilan mo na ang kakatukso, please. Nakakahiya. Baka ano'ng isipin n'ung tao.”

“Natatakot ka bang isipin niya ang totoo?” hamon ng makulit na lalaki.

“Arjay!” exasperated niyang sabi.

“Masyado ka namang self-conscious. Chill ka lang,” walang anumang sabi nito.

Just then, Tinoy bent to place a glass of iced water in front of Yanna. Ngumiti pa ito sa kanya bago naupo sa kanan niya. Tuloy, di niya malaman kung paanong puwesto ang gagawin.

“Alam mo, kanina pa tayo rito, hindi ka pa namin nakakamusta nang maayos, P're,” untag ni Arjay. Inignora nito ang pandidilat ni Yanna.

“Ako na naman, kanina n'yo pa ako ini-interview,” good-natured na reklamo ni Tinoy. He did this thing that was utterly cute. Pinahid nito ng inner palm ang noo at tumingin sa ibaba na parang nadidiyahe.

“Ang alam lang namin, Avionics Engineer in-training ka na ngayon,” sabad ni Mai-Mai.

“Paano, inuna ninyong tsumibog,” agaw ni Eds. “Nang maispatan n’yo ’yung crispy pata, hindi na kayo nag-imikan, eh. Itong si Cris imbis na mag-hello, nanghingi ng kanin!”

Nagtawanan sila. “Hindi totoo ’yun, ha!” tanggi ni Cris.

“May importanteng detalye lang kaming na-miss na itanong sa ’yo—Ouch!”

Tinadyakan ni Yanna si Arjay sa ilalim ng mesa. Hinimas nito ang binti. “Ba’t ba ang bayolente mo? Kulang pa ba ang pansit? Magsabi ka lang!”

Tawanan. But that successfully stopped him. Ang sumunod na usapan ay napunta na kay Pocholo.

Alas siete ng gabi nang magpasyang magsiuwian ang tropa, with another date for an outing set. Sa beach naman daw. Diumano’y na-miss ni Tinoy ang beach na hindi kilometro ang layo ng tubig mula sa dalampasigan, at yaong hindi nakakangilo sa lamig ang tubig kahit maaraw. Game ang lahat sa panukala nito.

Tinoy has a gray *Toyota Highlander*, and one by one Yanna's barkada piled into it. Ang ilang may sariling sasakyan like Lee, Pocholo and Arjay went to their respective rides.

Nag-hesitate si Yanna. "Sa 'yo na lang ako, Arjay." Medyo may tama na ang huli pero ilang beses na nilang ginawa ito—ang mag-drive magkasama na parehong nakainom.

"Ano'ng akin ka na lang? Hindi puwede. Maraming magagalit," sagot ni Arjay.

"Delikado itong si Yanna, nagpapaangkin," segunda ni Eds.

"Ano, dito ka ba talaga? Ayaw mo ba sa *Highlander*? Brand new iyon. Amoy factory pa ang loob," taboy pa ni Arjay.

"Hindi na, sa 'yo na. Marami na sila sa auto, eh. Samahan mo si Ayen, Eds. D'un ka sa kanila," utos ni Yanna sa lalaki na siyang aangkas dapat kay Arjay.

"Okiedokey. Ikaw bahala. Pard, mas type ni Yanna ang iyong *Ducati* kaysa sa *Highlander*," anito bago tumakbo palapit sa iba.

Tumawa si Arjay sa standing joke. His bike was an ordinary bottle blue *Honda* na ginagamit nito upang

magbiyahe mula sa opisina hanggang sa field.

“O, ’lika na. Sakay na, *Señorita Banana*.” Pinalupalo pa ni Arjay ang seat ng motor.

“Ayusin mo, ha, ayokong humalik sa aspalto,” ani Yanna bago sumampa sa likod nito.

Just then, Tinoy came over. “Ano, guys, okay na kayo?”

“Okay na, Pare, salamat nang marami,” Pocholo answered.

“Anytime.” Tumango si Tinoy kay Arjay. “Alam mo kung gusto mo, dito muna kayo ni Yanna, unahin ko lang sila ’tapos ihatid ko na rin kayo. Gabi na kasi, at medyo malayo din ang sa inyo.”

Arjay scratched the back of his ear, sabay sulyap kay Yanna. “Eh, ako okay na, Pare. Itong si Yanna, puwede namang sa ’yo na makisakay.”

“Hindi na, Tinoy,” she spoke up. “Mukhang puno na kasi, eh. Saka sobrang abala naman kung babalik ka pa. Nakainom ka rin, eh.”

“Concerned talaga itong friend ko sa ’yo, eh,” hirit ni Arjay.

“Okay na ako.” Ngumiti si Tinoy. “Bumaba na

tama ko kanina pa.” Hawak nito ang keyless entry remote sa mga daliri nito.

“Ah... pero hindi na talaga, thank you na lang, Tinoy. Ito kasi si Arjay, gusto kong samahan. Kukuwentuhan ko baka kasi magdere-derecho sa dagat,” sabi niya.

He chuckled lightly. “Okay, if you’re sure.”

“Oo, salamat. Huwag kang madadala, ha. Thank you sa pahanda mo. Welcome home ulit.”

“Wala ’yun, salamat rin.” Tinapik nito si Arjay sa balikat. “Pare, ingat kayo, ha. Tawag or text kayo once you get home, okay?”

“Sige, Pare, thank you,” sagot ni Arjay.

Nang makalabas sa bakuran ang mga sasakyan ay kanya-kanya nang diskarte. Limang minuto pa lang sa daan ay nalampasan na sila ng kotse ni Tinoy.

“Bakit ba ayaw mong sumama roon?” usisa ni Arjay, inginuso ang papalayong taillights ng sasakyan ni Tinoy. “Pakipot ka masyado. Pagkakataon mo nang magpa-cute roon,” untag ni Arjay.

“Sa dami ng tao sa loob, hindi niya mapapansin kahit tumambling pa ’ko,” ani Yanna.

“Ayun at gusto mo talagang masolo si Best Friend.” May halong tawa ang boses ni Arjay.

“Ayoko lang masyadong dumikit. Salamat sa ’yo, I’m sure iniisip n’un na dead na dead talaga ako sa kanya.”

“Bakit? Hindi ba totoo? Crush mo pa rin, di ba? Lalong pumogi, naging Stateside ang kutis.”

“Guwapo kung sa guwapo. Mabait. Matalino. Imposibleng walang girlfriend ’yun,” ani Yanna. Kahit itanggi pa niya kay Arjay, nanghinayang siyang hindi nga naitanong iyon kay Tinoy sa buong oras na tumambay sila sa bahay nito.

“Hmm, crush mo na naman!” ani Arjay.

“Hindi naman ako papansinin n’un. He can have all the girls he wants,” Yanna murmured sleepily. Malamig ang hanging panggabi.

“Eh, di magpapansin ka,” suhestyon ng kaibigan.

“Pinapansin lang ako n’un kasi panay ang tukso n’yo sa akin. Hindi n’yo na ako tinirhan maski konting feminine pride,” maktol ni Yanna.

Tumawa si Arjay. “Kaya nga namin ginagawa ’yun, eh, para mapansin ka at maisulong ang plataporma mo. Feminine pride ka riyan, kaya ka nasi-zero sa

love life, puro ka arte.”

“Heh! Ikaw naman, puro ka kalokohan.”

“Sasama ka sa dagat, ha?” pag-iiba nito sa usapan.

“Sunday naman, eh. Why not?”

“Excited ka, sabihin mo. Quality time with Tinoy, uyy.”

“Alam mo, para kang tanga.”

“Pero may tanong ako, eh. Okay na ba kayo ni Lee?”

Yanna grimaced. Sa tagal nilang magkaibigan, kabisado na niya kung ano ang ibig nitong sabihin kahit di na ipaliwanag.

Nagpatuloy ito. “Baka akala mo, di ko alam, ha. Hindi lang ako nakialam. Gusto ko kasing makaiskor ka, hehehe!”

“Tsismoso mo!”

“Masyado kang masakreto. Kaibigan mo ako mula pa noong hindi ka pa nagba-bra, Ineng, kaya useless ang magsinungaling ka. Alam nating dalawa kung saan kayo napunta ni Lee noon. Ayaw mo lang ikuwento kung ano nangyari.”

“Nakaraan na iyon. Huwag na nating unghatin. Isa pa, ikakalat mo na naman iyon sa lahat, tsismoso.”

“Hindi naman ako gan’un,” protesta ni Arjay. “Bahala ka kung ayaw mong sabihin. Nahahalata naman namin, hindi lang ako.”

“Wala naman akong nakikitang problema, ah? Nakita mo naman, ayos lang kanina, walang dramang nangyari, di ba?” ani Yanna.

“Huwag ka na uli susugal sa mga alam mong kaduda-duda, ha. ’Tapos di mo pa chinika sa akin, di tuloy kita naalalayan. Hindi ko ugaling makialam sa diskarte ng mga kaibigan ko, pero iba kapag ikaw. Hindi puwede ’yun. ’Tsaka, masyado kang nagiging bitter. Pati ako sinasali mo.”

“Ano’ng sinasabi mo riyan? Ni hindi nga kita sinisita sa mga kalokohan mo, eh.”

“Iyon nga, pero kapag may naririnig kang tsismis, ni hindi mo na ako pinagpapaliwanag. Ina-assume mo na kaagad na totoo, at ako ang mali. ’Tapos sasabihin mo na naman, walang matinong lalaki. Hindi dapat gan’un. ”

“Weh. Nagda-drama ka ngayon? Bakit, wala ka bang ginawang mali?”

You Are Summer - Abby Herrera

“Hindi iyon, Yanna. Ang sinasabi ko kasi, judgmental ka na masyado. Wala kang tiwala sa mga lalaki. Nilalahat mo. Mali 'yun.”

“Alam mo, hanggang wala akong nakikitang exception, hindi mo ako makukumbinse.”

“Bahala ka. Kapag may napalampas kang matino dahil sa perception mo, kasalanan mo 'yun.”

3

Dahil sa late dinner na dinaluhan nilang magtiya ay alas onse ng gabi na nang makauwi si Yanna. Inabutan niyang nanonood pa rin ng TV ang mga kapatid na sina Julie at Demmie. Second year Nursing si Julie, fourth year naman sa high school si Demmie. Her other sister's kid, Bojo, was sleeping in the corner, on a shag carpet, kasama si George the dog. Dalawang taon pa lang ang bata at sobrang taba. Nakasubo ang thumb nito sa bibig at walang saplot maliban sa white briefs.

“Julie!” bulalas ni Yanna nang mabungaran ang tagpong iyon. “Ano ’yan? Ba’t dito natutulog ’to?”

“Eh, nagta-tantrum na naman kaninang binibihisan namin. Ayaw pasuot nung pyjama niya, kaya ’ayan naka-briefs lang. Tinatawag kasi ni Demmie na panty ang briefs niya, eh. Nainis.”

Kinuha ni Demmie ang mga dala niya at inakyat ang mga iyon sa kuwarto. Lumuhod si Yanna sa tabi ng natutulog na bata at ng humihilik na aso. Napansin niya ang tear stains sa matatabang pisngi ng pamangkin.

“Ba’t n’yo naman hinayaang dito ito makatulog? Dapat kinarga n’yo pataas,” panenermon niya kay Julie. “S’an ba kasi si Nanay?”

“Sa Crossing. Nasa lamay. Kumain ka na ba?”

“Tapos na. Ihanda mo na ang bed nito, at ipapanhik ko. Julie naman, hinayaan n’yo pang tumabi sa aso. Mamaya galisin ito.”

Yanna carried the baby upstairs upang ihiga ito sa window box bed sa kuwarto ng nanay nila. Awa ng Diyos ay hindi ito nagising. Binihisan niya ang bata, nilinis habang tulog.

Bojo was her sister’s love child. Si Leila iyon, na nabuntis noong fourth year sa kolehiyo. Bojo’s father was Leila’s high school sweetheart. Hindi nagkamabutihan ang dalawa kung kaya pagkapanganak, nag-concentrate sa career si Leila. Naipasa nito kaagad ang board exams at nagtrabaho sa provincial hospital sa tulong na rin ng kanilang mga kakilala sa politika. Kung hindi kasi sila gagamit ng inside help, malamang nakapila pa rin ang kapatid niya sa volunteer programs ng ibang tertiary hospitals dahil bihirang mag-hire ang mga ito. Matapos lamang ang dalawang taon, lumipad na ito patungong London upang doon magtrabaho. Lampas isang taon na ito roon.

Yanna straightened the framed picture of the sister she was closest to. Si Yanna ang pinaka-proud nang makapasa sa board si Leila. Twenty-one siya noon, at twenty naman ito. Tampulan kasi sila ng tsismis nang mabuntis ang kapatid, at vindication iyong maituturing.

Kesyong raw dahil wala silang ama at nag-iisang itinataguyod ng kanilang ina na masyadong abala sa paghahanap-buhay, hindi na nito mapangaralan ang mga anak kaya nabuntis nang wala sa oras si Leila. Hinusgahan na silang magkakapatid. Puro kasi sila babae. Iniwan sila ng kanilang amang marine officer dahil may iba na itong pamilya somewhere in Luzon. Thirteen siya noon, at ang bunso nilang si Demmie ay anim.

Buti na lang at madiskarte ang kanilang ina. Minintene nito ang naipundar na sakahan at niyugan. Hindi sila huminto sa pag-aaral o sumala sa pagkain. Bare existence na matatawag iyon, walang kasamang luho at tipid na tipid talaga. Pero nakaraos sila, at ngayon ay umaalwan na rin ang kabuhayan.

Mabilis na naligo si Yanna at naghanda na upang matulog. Pinatuyo niya ang buhok sa electric fan. Inisip niya kung papuputulan iyon. Shoulder length ang buhok niya simula pagkabata. Hindi siya sanay

na mahaba ang buhok.

Naisip ni Yanna na hindi siya ganoon kaganda at lalong hindi nagpapaganda. Kaya hindi rin siya ligawin. Noong high school, may isang kaklase silang nagkalakas-loob na pormahan siya—si Ronnie. Hindi na niya alam kung nasaan ito ngayon. Ayos namang kaklase at kaibigan si Ronnie, pero hindi maatim ni Yanna noon na syotain ito. Nandidiri siyang di mawari.

Sa kolehiyo naman, wala siyang social life maliban sa course org na obligado siyang mag-participate. Focused na focused siya sa pag-aaral dahil nakasalalay sa grades niya ang tuition at allowance na matatanggap mula sa scholarship ng state university. At least hindi pinroblema ng kanilang nanay ang pagkokolehiyo niya noon. Mahal kasi ang kurso ni Leila kaya sa dalaga nabuhos ang resources ng kanilang ina.

Dahil dito, sa high school barkada lang umiikot ang social life ni Yanna. It was on her last year of college na nagsimulang magparamdam si Lee. Na-flatter si Yanna. Sa batch nila ay isa ito sa mga may hitsura. Marami rin namang babae ang nagkakagusto rito.

Pero inignora niya ang pagpapakitang motibo

nito sa simpleng kadahilanang common knowledge sa tropa na si Ayen ang crush nito noong high school. Hanggang ngayon nga ay tinutukso pa rin ito sa babae. Pero torpe ang lalaki; ni hindi nito niligawan si Ayen. Si Yanna naman ang tipo ng babae na masyadong idealistic at ma-pride. Ayaw niya ang ideya na ipapantakip-butas lang siya ni Lee sa totoong gusto nito.

Dalawang taon niyang tiniis na hindi ito pagbigyan sa mga kahilingang gaya ng panonood ng sine o pamamasyal. Sa dalawang taon na iyon ay di naman nawalan ng girlfriend ang lalaki, na nalalaman lang niya tuwing nagkakatsismisan silang magbabarkada.

Kaso, last year, nakitaan niya ng maturity ang panliligaw ni Lee. Binigyan niya ito ng pagkakataon. Sinisi rin niya ang peer pressure sa pagkakamali. Halos lahat ng kaibigan niya ay may mga boyfriend na. Siya na lang ang wala. Inggit siya. Siguro iyon ang dahilan kung bakit napagbigyan niya si Lee. Sa totoo lang, guwapo naman ito at disente ang pamilya. Sinusundo at hinahatid siya kapag may lakad silang magbabarkada, laging nakadikit sa kanya at nakaalalay.

Pinayagan nga niya itong dalhin siya sa isang

beach resort na silang dalawa lang last Christmas.

Yanna felt ready. Ang laki ng expectation niya sa lakad na iyon. Kung didiskartehan siya ni Lee ng halik, papayag siya. Kahit hindi pa ito pormal na nagpapahayag ng feelings. Gusto niyang malaman kung ano ang pakiramdam ng mahalikan. Sa TV at sa mga nababasang libro lang niya iyon na-experience. She was curious. Well, Lee pounced, at hinayaan niya ito.

The morning after, parang namimilipit siya sa hiya sa nangyari. Halik pa lang iyon. Paano kung naibigay niya rito ang lahat? Napapangiwi talaga si Yanna kapag naaalala iyon. Kung puwede lang burahin iyon sa kanyang memory bank niya, ginawa niya na!

She was disappointed dahil ni wala siyang naramdaman sa halik na iyon. And it was her first kiss! Secretly, umasa siya sa magic ng first kiss. It was supposed to feel divine, hindi ba? But what she felt was disgust. Parang na-cheap-an siya sa sarili. Sa panic ay kinausap niya si Lee na huwag na sanang ipagsabi ang nangyari. Hiniling din niyang kalimutan na nito iyon. Madali namang kausap ang ungas. Ni hindi na nga ito nag-usisa kung bakit.

Okay naman sila pagkatapos niyon. Balik sa

dati. Pagkatapos, Ayen confessed to the girls na nagpapalipad-hangin na naman daw si Lee rito nang mga nakaraang linggo. Gusto raw nitong manligaw! Nayanig si Yanna sa kapirasong balitang iyon, pero siyempre ay hindi siya nagpahalata.

Nang kinompronta niya si Lee ay ni hindi ito nag-deny o nag-explain. Inamin lang nito iyon. All the while na bilib na bilib siya sa sarili, paniwalang-paniwala na nagustuhan nga siya ni Lee, nagdada-moves pa rin pala ito kay Ayen. Iyon ang mas nakakainis. Matapos ang paglipad, ang di-matawarang kumpiyansa sa sariling appeal, na may lamang din siya kahit mas maganda sa kanya si Ayen, lumagpak siya sa lupa. She had to admit, a small part of her was competing with her friend. Iyon ang nakakahiya. At never niyang aaminin iyon kahit pitong demonyo pa ang pumilit sa kanya.

Simula nga noon ay hindi na niya kinausap nang kusa ang lalaki. Maging ito ay umiwas na rin sa kanya.

Tumitig si Yanna sa sariling repleksyon. She's not a knock out. Kung itatabi siya sa mga kaibigan, lalabas siyang ordinary. Hindi siya pangit, pero hindi rin extraordinarily beautiful. Magkagayunpaman, hindi nagkulang ang kanilang ina sa pagpapaalala na kung katalinuhan ang pag-uusapan, hindi siya

nahuhuli. Kaya lang, iniisip ni Yanna na hindi katalinuhan ang unang hinahanap ng karaniwang lalaki sa isang babae. Hindi iyon ang napapansin kaagad. Siya iyong 'cowboy' kung kaya mas marami siyang lalaking kaibigan kaysa babae. Prangka at walang drama. Iyon daw siya.

At iyon siguro ang problema. One of the boys siya. Sabi nga ng kanta ng *Westlife*, guys '*never see her past friendly*'. Kagaya ni Tinoy na kung ituring siya noon ay nakababatang kapatid.

Kaya sinasabihan siyang 'bitter' ni Arjay. Alam na kasi nito ang lahat ng angst niya sa buhay.

Which led her to wonder: may darating ba talaga para sa kanya? Minsan, naiisip niyang hopeless ang maghintay at mangarap. Nabibilang sa daliri ang matitinong lalaki sa mundo, at ang mga relasyon ay gumuguho rin.

Lee is not worth all this analyzing, Yanna decided and shut off her night light. Goodnight, old issues.

It was an above average barkada outing. In full force sila, maging ang mga taong bihirang sumama ay present. Sa isang resort town na forty minutes mula sa kapitolyo sila napunta. Nine ng umaga nang

marating nila ang *Lovers' Cove Resort*. Namataan ni Yanna sina Pocholo at Tinoy na nakikipag-usap sa caretaker sa di-kalayuan.

Mukhang nini-negotiate ni Pocholo ang presyo. Lumapit si Yanna sa mga ito. Kilalang kuripot at sigurista si Pocholo, palibhasa CPA, mabusisi.

“Malaki po sa karaniwan ’yung cottage, mas mahal po ito sa iba. May sarili hong cabana at karaoke machine. Pero kilala naman pala kayo ni Sir Francis, kaya binabaan namin.” Nagbanggit ito ng presyo.

Napasulyap si Pocholo kay Yanna. “Hindi naman tayo matutulog dito, hindi iyan ang pinunta natin dito, eh. Siyempre, nasa beach tayo, luto na ang pagkain natin. Mag-iiwan lang tayo ng gamit riyan,” turo nito sa cottage.

“Mukhang nice naman siya,” Yanna offered.

“Kompleto po sa lahat, Ma’am. Iyan nga po ang madalas pinipili ng mga foreigners na kliyente. May cable TV, fully air-conditioned po ’yung mga tulugan, may ref, at functional po ang kusina.”

“Kunin na natin. ’Eto, o.” Kinuha ni Yanna ang ilang lilibuhin mula sa kanyang wallet at iniabot sa caretaker.

Sinawata siya ni Tinoy. “Hindi, akin na ’to. Ako na ang bahala.”

Mapilit siya. “Wala akong nai-contribute sa baon o pang-gas. Akin na ’to, Tinoy.” Isiniksik ni Yanna sa palad ng resort employee ang pera para hindi na makaangal si Tinoy. Iyon din ang isa sa mga katangian niya na parang sa lalaki—ayaw niyang nagpapalibre hangga’t maaari. “Pakibalik na lang ho ang sukli mamaya, Kuya.”

Tumango ang lalaki. “Kung gusto n’yo ho, sumama na kayo sa akin para maka-check-in at nang maiabot ko na ho ’yung susi at resibo.”

“Okay,” Yanna nodded.

“Samahan na kita,” ani Tinoy. “Poch, bahala ka muna rito.”

Magkaagapay na naglakad sina Tinoy at Yanna pasunod sa caretaker. Tinoy was a full head taller than Yanna. He wore a white shirt at isang pares ng cargo shorts.

“Mahilig ka sa white T-shirts, ’noh?” komento niya.

“Huh?” Napatingin ito sa suot. “Oh, I guess.”

“It’s nice. Malinis tingnan,” ani Yanna.

“Thanks.” Ngumiti si Tinoy, in-adjust ang baseball cap na suot. “Maganda naman pala ang puwesto natin, malapit sa talipapa at sa tindahan. Bili tayo ng fresh fish mamaya.”

“Oo nga. Okay ’tong napili mo. Parang engot ’yung si Pocholo, tumatawad pa.”

Natawa si Tinoy. “It’s actually funny. I think it’s a Pinoy trait, ’yung maging frugal hangga’t kaya. Nakalimutan ko na kung paano makipagtawaran. Hindi naman ako mahilig mag-shopping.”

“Hindi frugal si Pocholo, talagang barat. Kahit ’yung sa mga mall na may price tag nang nakadikit, sinusubukan pang tawaran.”

Tumawa ulit si Tinoy. He had a nice laugh. And he smelled very nice. Minsang muntik siyang matapilok sa di pantay na buhangin, maagap siya nitong naalalayan sa siko. At inialokr pa nito ang sumbrero dahil mainit daw. Hindi niya tinanggihan iyon. His cap smelled like his shampoo and him.

Nang makuha nila ang susi ay bumalik na sila sa mga kasamahan. Pumasok silang lahat sa cottage at inayos ang mga dala-dalahan. Si Pocholo naman ay sinamahan si Tinoy upang bumili ng isda. Naaaliw ang huli sa tawad abilities ni Pocholo.

You Are Summer - Abby Herrera

Baka makatipid raw sila, bulong ni Tinoy kay Yanna bago umalis. Kumindat pa ito. Kinilig naman siya.